



PANALANGIN NG PAGTATALAGA SA KALINIS-LINISANG PUSO NI MARIA

Ito ay darasalin matapos ang pagdarasal ng Santo Rosaryo o kung sa loob ng Banal na Misa, ito ay darasalin pagkatapos ng Panalangin Pagkapakinabang. Ang lahat ay luluhod sa harap ng imahen ng Mahal na Birheng Maria.

O Mahal na Ina ng Diyos, lumalapit kami sa iyong kalinga. Habang sinasambit namin ang bawat kataga ng awiting ito na daang taon nang dinarasal ng Simbahan ni Kristo, humaharap kami sa iyo, aming ina. Kami na bumubuo ng “Katawan ni Kristo” sa bayang ito ay naghahayag sa mga salitang ito ng aming Pagtatalaga at Paghahabilin, kung saan napapaloob, una sa lahat, ang pag-asa at agam-agam ng sambayanang Pilipino sa kasalukuyan.

O Ina ng sambayanang nagagalak na tawaging “pueblo amante de Maria,” bayang sumisinta kay Maria, batid mo ang lahat ng aming mga pagdurusang at pag-asa. Natatanto mo bilang Ina ang mga tunggalian sa pagitan ng kabutihan at kasamaan, ng liwanag at kadiliman, na ngayon ay hinaharap ng daigdig. O Ina ng aming bansa, dinggin mo ang aming hibik na tahasan naming inihahatid sa iyong puso bunsod ng Banal na Espiritu.

Yapusin mo nang may pagmamahal ng Ina at Lingkod ng Panginoon, ang aming sambayanan at bansa, na ngayon ay ipinagkakatiwala at itinatalaga namin sa iyo, dahil hangad namin sa bawat isa at sa buong sambayanan ang isang mabuting buhay sa kasalukuyan at ang pagkakamit ng buhay na walang hanggan. “O Mahal na Ina ng Diyos, lumalapit kami sa iyong kalinga; huwag mo nawang tanggihan ang aming mga kahilingan sa aming pangangailangan.”

O Mahal na Ina ni Kristo, habang natitipon kami sa iyong harapan, – habang natitipon kami sa harap ng iyong Kalinislinisang Puso, nais sana namin na ang Simbahan ng Panginoon sa bayang ito, nagkakaisa sa puso at isipan ng iba pa naming kababayan, isang bayang Filipino, – na makiisa sa pagtatalaga na ginawa ng iyong Anak sa Ama, dahil sa pagmamahal sa amin: “At alang-alang sa kanila’y itinalaga ko ang aking sarili,” wika ni Hesus, “upang maitalaga rin sila sa pamamagitan ng katotohanan” (Juan 17:19). Hangad naming makiisa sa aming Manunubos sa kanyang pagtatalagang ito para sa sanlibutan at para sa sangkatauhan, na sa kanyang kamahal-mahalang puso ay may kapangyarihang magpatawad at maganap ang pagbabayad-puri.

Ang bisa ng pagtatalagang ito ng iyong Anak, ang aming Panginoon ay nananatili sa habang panahon at para sa bawat tao, mga lipi at mga bansa. Kabilang rin dito ang ating bayan. Ang kapangyarihan ng pagtatalagang ito ay makasusupil sa kasamaang inihahasik ng kampon ng kadiliman, at sa katunayan ay nasa sa puso na ng mga tao sa kasalukuyan.

Lubos na naming nadarama ngayon ang pangangailangan para sa pagtatalaga ng aming bayan, kaisa ni Hesuskristo. Dahil ang gawa ng pagliligtas ng aming Manunubos ay dapat maibahagi sa mundo, at sa aming kapwa Filipino, sa pamamagitan ng Simbahan.

Bumabaling kami sa iyo, O Ina ng aming Manunubos at aming Ina: sa lahat ng mga nilikha, pagpalain ka nawa, ikaw ang alipin ng Panginoon, na tunay na naging masunurin sa tawag ng Panginoon. Ikaw ang ganap na nakiisa sa mapangligtas na pagtatalaga ng iyong Anak.

O Ina ng Simbahan! Liwanagan ang Bayan ng Diyos sa landas ng pananampalataya, pag-asa at pag-ibig! Tulungan mo kaming mamuhay sa katotohanan ng pagtatalaga na inialay ni Hesus na iyong Anak para sa sangkatauhan, at para sa amin, ang sambayanang Filipino at para sa aming minamahal na bayang tinubuan.

Sa paghahabilin namin sa iyo, O mahal naming Ina, ng aming bayan, ang iyong “pueblo amante de maria,” ipinagkakatiwala namin sa iyo ang mismong pagtatalagang ito, na itinatagubilin namin sa iyong maka-inang puso.

O Kalinis-linisang puso! Tulungan mo kaming magapi ang banta ng kasamaan, na madaling nakapapasok at nag-uugat sa puso ng mga tao sa kasalukuyan, at ang di masukat na epekto nito ay nagpapahirap na sa aming bansa, at nagiging balakid sa maaliwalas na kinabukasan!

Mula sa pagkamuhi, karahasan, mga paglalaban-labang naghahati at sumisira sa aming bayan, *ipag-adya mo kami.*

Mula sa paglabag sa buhay ng tao, lalo na sa buhay sa sinapupunan, *ipag-adya mo kami.*

Mula sa paglapastangan sa karangalan ng mga anak ng Diyos, *ipag-adya mo kami.*

Mula sa lahat ng uri ng kawalan ng katarungan sa lipunan, *ipag-adya mo kami.*

Mula sa kahandaang labagin ang mga Utos ng Diyos, *ipag-adya mo kami.*

Mula kawalan ng pang-unawa sa mabuti at masama, *ipag-adya mo kami.*

Mula sa kasalanan laban sa banal na Espiritu, *ipag-adya mo kami.*

Hibik nami'y pakinggan, O Mahal na Ina ni Kristo, lakip nito ang aming pag-asa at mga pasanin, ang mga paghihirap ng bawat isa at ng buong bayan. Sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, tulungan mo kaming pagtagumpayan at lupigin ang kasalanan; mga kasalanan ng bawat isa at 'kasalanan ng sanlibutan', ang kasalanan sa lahat ng anyo nito

Ipakita mong muli sa amin, sa kasaysayan namin bilang isang bayan, ang walang hanggang kapangyarihan ng Pagliligtas, ang kapangyarihan ng maawaing pag-ibig! Puksain nawa nito ang kapangyarihan ng kasalanan at kasamaan sa amin! Baguhin nawa nito ang mga budhi ng bawat isa!

Ipakita nawa ng iyong kalinis-linisang puso sa lahat, sa aming lupain at sa buong mundo, ang liwanag ng pag-asa! O Maria, Ina ni Hesus at aming ina, Ikaw ang aming buhay, aming katamisan at aming pag-asa!